# FIQH
# 3

**ISINALIN SA TAGALOG NI:**
**MOHAMMAD TAHA ALI**

# فقه

[باللغة الفلبينية (تجالوج)]

**ترجمة:**
**محمد طه علي**

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065
FAX 4970126 - E-Mail:rabwah@www.com

# TALAKAYAN SA ZAKAT

## ANG KAHULUGAN NG ZAKAT:

Isang kanais-nais na karapatan, sa partikular na kayamanan para sa mga natatanging grupo ng mga tao at sa natatakdaang panahon.

## ANG KINALALAGYANG ANTAS NG ZAKAT:

Ito'y isa sa mga saligan ng Islam, sa katunayan madalas itong nababanggit ng Allah na kaakibat ng Salah sa maraming puwesto ng Kanyang Aklat (Quran).

Gaya ng sinabi ng Allah: {وَأَقِيمُوا الصَّلاَةَ وَآتُوا الزَّكَاةَ وَارْكَعُوا مَعَ الرَّاكِعِينَ}

{Itaguyod ninyo ang Salah at ibigay ninyo ang Zakah at magsiyuko kayo kasama ng mga nagsisiyuko (sa pagdarasal)}. Al-Baqarah (2): 43

عَنْ عَبْدِ اللهِ بْنِ عُمَرَ بْنِ الْخَطَّابِ رَضِيَ اللهُ عَنْهُمَا، قَالَ: «سَمِعْتُ رَسُوْلَ اللهِ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ يَقُوْلُ: (بُنِيَ الْإِسْلَامُ عَلَى خَمْسٍ: شَهَادَةُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ، وَأَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُوْلُهُ، وَإِقَامُ الصَّلَاةِ، وَإِيْتَاءُ الزَّكَاةِ، وَحِجُّ الْبَيْتِ، وَصَوْمُ رَمَضَانَ)». رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ وَمُسْلِمٌ

Si Abdullah ibn Umar Al-Khattab (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Narinig ko ang Sugo ng Allah (ﷺ) na nagsasabi: [Binubuo ang Islam sa lima: Ang pagsasaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ay Sugo ng Allah, ang pagsasagawa ng Salah, ang pagbibigay ng Zakah, ang Hajj at ang pag-aayuno sa buwan ng Ramadan]". Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

- Nagsimula ang pag-uutos dito noong ikalawang taon sa Hijri.
- Kaya ang sinumang tumanggi sa pagka-ubligado nito, siya ay titiwalag sa pananampalataya dahil dito, kahit man ibigay niya ito o hindi. Datapuwat ang sinumang nagpapatunay sa pagka-ubligado nito, ngunit ipinagpapaliban at ipinagkakait ang pagbigay nito, siya ay tunay na isang suwail.
- At kung ang isang pangkat ng mga tao ay nagka-isa sa pagtatakwil nito, sila ay pupuksain at kapag sila ay nanlaban, sila ay tumiwalag sa pananampalatayang Islam.

## MGA KARANGALAN NG ZAKAT:

1. Paglilinis sa sarili at kayamanan: Ito ay hindi multa at hindi buwis, bagkus nakakapagdagdag ng tubo at grasya.

Batay sa sinabi ng Allah: {خُذْ مِنْ أَمْوَالِهِمْ صَدَقَةً تُطَهِّرُهُمْ وَتُزَكِّيهِمْ بِهَا}

{Kunin mo mula sa mga ari-arian nila ang Sadaqah (Zakah), na siyang maglilinis sa kanila (sa pagkagahaman sa sarili) at magpapakabanal sa kanila dahil dito}. At-Tawbah (9): 103

2. Pagmamagandang loob sa nilalang at pagdadamayan sa pagitan ng mga tao ng lipunan.
3. Bilang pagsubok sa sinumang inubligahan dito, samakatuwid siya'y napapalapit sa Allah sa pamamagitan ng pagbibigay nito.

## MGA KUNDISYON SA PAGKA-UBLIGADO NG ZAKAT:

1. Ang pagiging Muslim: Dahil ito'y paglilinis (sa sarili), samakatuwid ang isang pagano ay marumi (dahilan sa kawalan ng pananampalataya, kaya naman hindi ito karapat-dapat para sa kanya).
2. Ang pagiging malaya: (Hindi alipin), sapagkat ang isang alipin ay walang sariling pag-aari na kayamanan, bagkus ang amo nito ang nagiging may-ari ng kayamanan niya.
3. Ang umabot ng **Nisab**: (Tamang sukat na siyang itinalaga ng Islam sa pagka-ubligado ng Zakah).
4. Ang pagkatiyak sa ganap na pag-aari: Maging tiyak ang pag-aari sa isang bagay at hindi dapat ito agad nasisira o nakabahagi ang karapatan ng iba.
5. Ang lumipas ng isang taon: Ibig sabihin ang pagkabuo nito (sa lahat ng bagay na dapat abutan ng isang taon) mula nang mapasakanya ang pag-aari nito.

## ANG MGA ARI-ARIAN NA DAPAT KUHANAN NG ZAKAH:

1. Ginto, pilak at pera.
2. Ang produkto mula sa lupa (mga butil at bungang-kahoy).
3. Mga paninda (ari-arian) na ibinibenta (Tulad ng mga hayop, sasakyan at lupain atbp).
4. Mga hayop (kamelyo, baka at tupa).

| **MGA URI NG YAMAN** | **NISAB** | **ZAKAT** |
|---|---|---|
| Ginto | 85grs. | 2.5 % |
| Pilak | 595 grs. | 2.5 % |
| Pera | Kung kailan umabot sa Nisab ng ginto o pilak | 2.5 % |

| **Produkto ng lupa (mga butil at prutas):** | **NISAB** | **ZAKAT** |
|---|---|---|
| A. Kapag pinatutubigan sa pamamagitan ng ulan o patubigan na umaagos. | 5wasq (300Sa) 768kg. | 10 % |
| B. Kapag ginagastusan ang pagpapatubig | 5wasq (300Sa) 768kg. | 5 % |

| **Mga paninda (O ari-arian) na ibinibenta:** | **NISAB** | **ZAKAT** |
|---|---|---|
| Ang anumang bagay na kusang inilaan para ibibinta sa layuning pagpapatubo ng datong | Kung kailan umabot ito sa Nisab ng ginto o pilak | 2.5 % |

**Ang mga hayop (kamelyo, baka, tupa at kambing):**
Mga kundisyon sa pagka-ubligado ng Zakah sa mga hayop:
1. Ang gawing ito'y produkto ng gatasan at paparamihin, hindi para ipagtrabaho.
2. Ito'y malayang ipastol (manginain ng damo).

| | **NISAB** | **ZAKAT** |
|---|---|---|
| **Tupa at kambing** | 1 – 39 | Walang Zakah |
| | 40 – 120 | Isang tupa |
| | 121 – 200 | Dalawang tupa |
| | 201 – 300 Pataas | Tatlong tupa (o isang tupa sa bawat 100) |
| **Baka** | 1 – 29 | Walang Zakah |
| | 30 – 39 | Isang lalaking bisiro (isang taon) |
| | 40 – 59 | Isang babaeng bisiro (dalawang taon) |
| | 60 – 69 | Dalawang lalaking bisiro (isang taon) |
| | 70 – 79 | Isang lalaking bisiro (isang taon) at isang babaeng bisiro (dalawang taon) |
| | 80 – 89 | Dalawang babaeng bisiro (dalawang taon) |
| | (90) pataas, sa bawat (30) | Isang lalaking bisiro (isang taon) |
| | O kaya sa bawat (40) | Isang babaeng bisiro (dalawang taon) |
| **Kamelyo** | 1 – 4 | Walang Zakah |
| | 5 – 9 | Isang tupa |
| | 10 – 14 | Dalawang tupa |
| | 15 – 19 | Tatlong tupa |
| | 20 – 24 | Apat na tupa |
| | 25 – 35 | Isang babaeng kamelyo (isang taon), o isang lalaking kamelyo (dalawang taon) |
| | 36 – 45 | Isang babaeng kamelyo (dalawang taon) |
| | 46 - 60 | Isang babaeng kamelyo (tatlong taon) |
| | 61 – 75 | Isang babaeng kamelyo (apat na taon) |
| | 76 – 90 | Dalawang babaeng kamelyo (dalawang taon) |
| | 91 – 120 | Dalawang babaeng kamelyo (tatlong taon) |
| | 121 | Tatlong babaeng kamelyo (dalawang taon) |
| | O di kaya sa bawat (40) | Isang babaeng kamelyo (dalawang taon) |
| | O sa bawat (50) | Isang lalaking kamelyo (tatlong taon) |

## MGA MAY KARAPATANG TUMANGGAP NG ZAKAT:

{إِنَّمَا الصَّدَقَاتُ لِلْفُقَرَاءِ وَالْمَسَاكِينِ وَالْعَامِلِينَ عَلَيْهَا وَالْمُؤَلَّفَةِ قُلُوبُهُمْ وَفِي الرِّقَابِ وَالْغَارِمِينَ وَفِي سَبِيلِ اللَّهِ وَابْنِ السَّبِيلِ فَرِيضَةً مِنَ اللَّهِ وَاللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ}

Sinabi ng Allah: {Ang mga Sadaqah (Zakah) ay para lamang sa mga dukha, nangangailangan, lumilikom nito, sinasanay ang kanilang kalooban (sa Islam), alipin (upang maging malaya), baon sa utang (walang pambayad), sa landas ng Allah (nakikibaka sa pakikipaglaban), at sa kinapos ng panustos sa daan. Ito'y isang katungkulang itinakda ng Allah, at ang Allah ang siyang ganap na nakakaalam (sa karapatan ng bawat isa), matalino (sa pagtatakda ng batas). At-Tawbah (9): 60

1- **Al-Fuqara'**: Sila yaong mga hindi nila kinikita ang kanilang kasapatan sa kabuhayan.

2- **Al-Masakin**: Sila yaong mga hindi nila kinikita ang kahigitan ng kanilang kasapatan sa kabuhayan.

3- **Ang mga tagalikom ng Zakah**: Kung wala silang sahod sa kanilang trabaho.

4- **Ang mahihina pa ang kalooban**: Kung napatunayan ang pagyakap nila sa Islam.

5- **Ang mga aliping nakatalaga na magbigay ng tubos:** Subalit wala silang pantubos, gayundin ang bihag na Muslim sa kamay ng mga walang pananampalataya.

6- **Ang baon sa utang**:

A. Utang para sa ibang tao (pambayad sala) .

B. Utang mismo: May mga utang na hindi niya kayang bayaran.

7- **Sa landas ng Allah**: Mga nakikibaka sa pakikipaglaban na walang tinatanggap na pasahod.

8- **Ang Biyahero**: Manlalakbay na kinapos ng panustos sa kanyang paglalakbay.

## MGA PANGKALAHATANG TALA SA ZAKAT:

1- Puwedeng ibigay ang Zakah sa lahat ng nabanggit sa itaas o di kaya'y sa isa lamang sa kanila.

2- Hindi puwedeng ibigay ito sa isang mayaman, at hindi rin puwede sa isa sa mga angkan ng Hashimi o ni Abdul Muttalib.

3- Mas mainam na ibigay ito sa mga malalapit na kamag-anak na nangangailangan.

4- Hindi puwedeng ibigay ito sa mga malalapit na kamag-anak na ubligadong tustusan.

5- Mas mainam na huwag itong ipadala sa ibang bansa.

6- Puwedeng magbigay ng Zakah ang isang babae sa kanyang asawa.

7- Walang Zakah ang mga bagay na kusang inilaan sa pansariling gamit, tulad ng hikaw, kuwentas at iba pa. 8- Ang Zakah ng mga ari-arian na kusang inilaan para upahan, dapat ay sa tubo at hindi sa kapital ng ari-arian.

9- Ang Zakah ng produkto ng lupa ay natatakdaan sa panahon ng pag-ani.

10- Ang Zakah ng mina na natagpuan (ibinaon sa panahon ng kamangmangan) ay 1/5 ng kayamanan.

11- Dapat ibigay kaagad ang Zakah sa takdang oras ng pagka-ubligado nito, datapuwat puwede rin naman na ibigay ito bago ang pagsapit ng takdang iyon. Ito'y isang bayarin na pinapasan ng taong namatay na dapat niyang linisin upang mapawalang sala ang kanyang kasalanan.

# KABANATA PARA SA ZAKAT AL-FIT'R

## ANG KAHULUGAN NITO:

Isang Saa (sukatan ng pagkain) mula sa pangunahing pagkain ng bansa. Ito'y ibinibigay sa mga mahihirap bago magsagawa ng Salah sa Eid Al-Fit'r, ito ay nagsisilbing panlilinis ng nag-aayuno sa mga masasamang salita at gawain na kanyang nagawa sa sandali ng kanyang pag-aayuno.

## ANG SUKAT NITO:

Isang Saa na halos katumbas ng apat na akop (ng katamtamang lalaki).

## ANG LAYUNIN SA PAGKALIHITIMO NITO:

Tulad ng nabanggit, ito ay nagsisilbing panlinis ng nag-aayuno mula sa mga masasamang salita at gawain, at pagpapakain sa mga dukha at pagpupuno sa kanilang pangangailangan sa araw ng Eid, at higit sa lahat ito ay bilang pasasalamat sa Allah sa pagkaganap ng ubligadong pag-aayuno (sa buwan ng Ramadan).

## ANG MAY TUNGKULIN NITO:

Ito ay tungkulin ng bawat Muslim, bata man o matanda, at ito ay tungkulin din ng mga taong may katungkulang tumustos sa kanilang mga asawa, anak at mga malalapit na kamag-anak. Mas nakabubuting pati na yaong mga sanggol na nasa sinapupunan pa lamang ay ibibigay ng ama ang kanilang Zakat Al-Fit'r.

عَنْ عَبْدِ اللهِ بْنِ عُمَرَ رَضِيَ اللهُ عَنْهُمَا، قَالَ: «أَنَّ رَسُوْلَ اللهِ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ فَرَضَ زَكَاةَ الفِطْرِ صَاعًا مِنْ تَمْرٍ، أَوْ صَاعًا مِنْ شَعِيْرٍ، عَلَى كُلِّ حُرٍّ، أَوْ عَبْدٍ ذَكَرٍ أَوْ أُنْثَى مِنَ الْمُسْلِمِيْنَ». رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ

Si Abdullah ibn Umar (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Katotohanang itinakda ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang Zakatul Fitr ng isang Saa ng datiles o isang Saa ng barley, bilang tungkulin ng isang malaya na tao o isang alipin, maging lalaki o babae sa lipon ng mga Muslim". Isinalaysay ni Al-Bukhari

## ANG MGA MAY KARAPATAN NITO:

Sila yaong mga mahihirap sa lipon ng mga Muslim.

## ANG ORAS NG PAMIMIGAY NITO:

Ipinag-uutos ng Sugo ng Allah (ﷺ) na ipamigay ito bago isagawa ang Salah sa Eid, at maaari ring ipamigay ito isang araw o dalawang araw bago magsagawa ng Salah sa Eid, datapuwat ang pinakamainam na oras ng pamimigay nito ay sa araw ng Eid mismo bago magsagawa ng Salah.

# KABANATA AS-SIYAM
## (PAG-AAYUNO)

### KAHULUGAN NG PAG-AAYUNO:

Sa letiral na kahulugan ay pagpipigil.

At sa pambatas na kahulugan naman ay pagpipigil sa pagkain, pag-inom at pakipagtalik magmula sa pagsapit ng madaling araw hanggang sa paglubog ng araw.

### PAGKALIHITIMO NG PAG-AAYUNO:

Ang pag-aayuno ay ipinag-uutos ng Allah batay sa Kanyang sinabi:

{يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا كُتِبَ عَلَيْكُمُ الصِّيَامُ كَمَا كُتِبَ عَلَى الَّذِينَ مِنْ قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ}

{O kayong mga mananampalataya! Ipinag-uutos sa inyo ang pag-aayuno ng tulad ng pagka-utos sa mga nauna sa inyo, baka sakaling maging banal ang pagkatakot ninyo}. Al-Baqarah (2): 183

At sa Kanyang sinabi: {فَمَنْ شَهِدَ مِنْكُمُ الشَّهْرَ فَلْيَصُمْهُ}

{At ang sinumang nakasaksi sa inyo sa Buwan ay pag-aayunuhan niya ito}. Al-Baqarah (2):185

عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عُمَرَ بْنِ الْخَطَّابِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا قَالَ: «سَمِعْت رَسُولَ اللَّهِ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ، يَقُوْلُ: (بُنِيَ الْإِسْلَامُ عَلَى خَمْسٍ: شَهَادَةِ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ وَأَنَّ مُحَمَّدًا رَسُوْلُ اللَّهِ، وَإِقَامِ الصَّلَاةِ، وَإِيتَاءِ الزَّكَاةِ، وَحَجِّ الْبَيْتِ، وَصَوْمِ رَمَضَانَ)». رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ وَمُسْلِمٌ

Si Abdullah ibn Umar ibn Al-Khattab (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Narinig ko sa Sugo ng Allah (ﷺ) na nagsasabi: [Itinayo ang Islam batay sa lima: Ang pagsasaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ay tunay na Sugo ng Allah, ang pagsasagawa ng Salah, ang pagbibigay ng Zakah, ang pagsasagawa ng Hajj at ang pag-aayuno sa Ramadan]". Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

### MGA PAKINABANG NG PAG-AAYUNO:

Sa pag-aayuno ay may mga espirituwal, panlipunan at kalusugan na kapakinabangan.

1- Pagkabanal ng sarili, sapagkat nililinisan nito ang mga masasamang asal.

2- Nakapagbabawas ng pagtingin sa karangyahan ng mundo at nakapag-aakit ng kalooban sa huling araw.

3- Nakapagsasanay sa pagiging matiisin at masunurin.

4- Nagtatalaga ng pagkahabag sa mga dukha at pagkakaisa sa pagitan ng mga Muslim.

5- Nakapagbabawas sa pagkahilig kumain at nakapagpapahinga ng panunaw ng pagkain.

6- Ito ay kabilang sa pinakadakilang dahilan sa pagpapatunay ng kabanalan ng pagkatakot.

## MGA KATANGIAN NG PAG-AAYUNO:

Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: (الصِّيَامُ جُنَّةٌ مِنَ النَّارِ)

[Ang pag-aayuno ay pananggalang mula sa lumalagablab na apoy]. Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ قَالَ: قَالَ رَسُوْلُ اللّهِ صَلَّى اللّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ : (مَنْ صَامَ رَمَضَانَ إِيْمَانًا وَاحْتِسَابًا غُفِرَ لَهُ مَا تَقَدَّمَ مِنْ ذَنْبِهِ).

Si Abu Hurairah ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): [Ang sinumang pag-aayunuhan ang buwan ng Ramadan ng may pananampalataya at paghahangad na pagpalain ay patatawarin ang kanyang mga naunang kasalanan]". Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ «أَنَّ رَسُوْلَ اللّهِ صَلَّى اللّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: (مَنْ قَامَ رَمَضَانَ إِيْمَانًا وَاحْتِسَابًا غُفِرَ لَهُ مَا تَقَدَّمَ مِنْ ذَنْبِهِ)» .

Si Abu Hurairah ay nag-ulat: "Katotohanang ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: [Ang sinumang itinaguyod ang Ramadan ng may pananampalataya at paghahangad na pagpalain ay patatawarin ang kanyang mga naunang kasalanan]. Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللّهُ عَنْهُ، يَقُوْلُ: «قَالَ رَسُوْلُ اللّهِ صَلَّى اللّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: (قَالَ اللّهُ كُلُّ عَمَلِ ابْنِ آدَمَ لَهُ إِلَّا الصِّيَامَ فَإِنَّهُ لِيْ وَأَنَا أَجْزِيْ بِهِ وَالصِّيَامُ جُنَّةٌ وَإِذَا كَانَ يَوْمُ صَوْمِ أَحَدِكُمْ فَلَا يَرْفُثْ وَلَا يَصْخَبْ فَإِنْ سَابَّهُ أَحَدٌ أَوْ قَاتَلَهُ فَلْيَقُلْ: إِنِّي امْرُؤٌ صَائِمٌ وَالَّذِيْ نَفْسُ مُحَمَّدٍ بِيَدِهِ لَخُلُوْفُ فَمِ الصَّائِمِ أَطْيَبُ عِنْدَ اللّهِ مِنْ رِيحِ الْمِسْكِ لِلصَّائِمِ فَرْحَتَانِ يَفْرَحُهُمَا إِذَا أَفْطَرَ فَرِحَ وَإِذَا لَقِيَ رَبَّهُ فَرِحَ بِصَوْمِهِ)» . مُتَّفَقٌ عَلَيْهِ

Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinasabi: "Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: [Sinabi ng Allah: Ang lahat ng gawain ng anak ni Adam ay sa kanya maliban sa pag-aayuno, sapagkat sa Akin lamang ito at Ako rin ang maggagawad ng gantimpala nito, ang pag-aayuno ay pananggalang (sa lumalagablab na apoy ng Impiyerno), at kung ang isang araw na pinag-ayunuhan ng isa sa inyo ay hindi nakapagsalita ng masasamang salita (o nakipagtalik sa asawa) at hindi rin nakapagtaas ng boses (dahil sa galit), bagkus kung may isang tao na sinumbatan siya o nakipag-away sa kanya. Marapat na sabihin niyang: Katotohanang ako ay nag-aayuno. Sumpa man sa may hawak ng buhay ni Muhammad! Ang hininga na nanggagaling sa bibig ng isang nag-aayuno ay mas mainam sa Allah kaysa sa halimuyak ng Musk, ang nag-aayuno ay may dalawang kasiyahan na kanyang ikinasisiya: Siya ay nasisiyahan kapag kumakain na siya ng kanyang Iftar (almusal), at siya ay nasisiyahan kapag makakatagpo na niya ang kanyang Panginoon dahil sa kanyang pag-aayuno]". Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ رَضِيَ اللّهُ عَنْهُ «أَنَّ رَسُوْلَ اللّهِ صَلَّى اللّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ قَالَ: (إِذَا جَاءَ رَمَضَانُ فُتِّحَتْ أَبْوَابُ الْجَنَّةِ)» .

Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: "Katotohanang ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: [Kapag sumapit na ang buwan ng Ramadan ay binubuksan ang mga pintuan ng Paraiso]. Isinalaysay ni Al-Bukhari at Muslim

## MGA PAMAMARAAN NG PAG-ALAM SA PAGSAPIT NG RAMADAN:

**Una**:

Masilayan ang gasuklay na buwan ng Ramadan o ang pagsasaksi ng isang taong mapagkakatiwalaan na kanyang nakita ito.

Sinabi ng Allah: {فَمَنْ شَهِدَ مِنْكُمُ الشَّهْرَ فَلْيَصُمْهُ}

{Ang sinumang nakasaksi sa inyo ng buwan (ng Ramadan) ay marapat niyang pag-ayunuhan ito}. Al-Baqarah (2): 185

عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ، قَالَ: «قَالَ رَسُوْلُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: (صُومُوْا لِرُؤْيَتِهِ، وَأَفْطِرُوْا لِرُؤْيَتِهِ)» . رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ

Si Abu Hurairah ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: [Mag-umpisa kayo ng pag-aayuno kung kailan ninyo makikita ito (ang buwan ng Ramadan), at tatapusin ninyo ang inyong pag-aayuno kung kailan ninyo nakita ulit ito]. Isinalaysay ni Al-Bukhari

**Pangalawa**:

Kumpletuhin ang bilang ng buwan ng Sha`ban ng tatlumpung araw.

عَنْ عَبْدِ اللهِ بْنِ عُمَرَ رَضِيَ اللهُ عَنْهُمَا، قَالَ: «قَالَ رَسُوْلُ اللَّهِ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: (فَإِنْ غُمَّ عَلَيْكُمْ فَاقْدُرُوْا لَهُ)» .

Si Abdullah ibn Umar (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: [At kung natabingan sa inyo (ang buwan), magkagayun dapat ninyong tantiyahin ito]. Isinalaysay ni Muslim

Tungkol naman sa pagtingin sa buwan ng Shawwal: Ito'y hindi mapatutunayan maliban sa pamamagitan ng pagsasaksi ng dalawang mapagkakatiwalaang lalaki.

## MGA URI NG PAG-AAYUNO:

**A. Ubligadong pag-aayuno:**
1- Ramadan
2- Kabayaran
3- Panata

**B. Hindi ubligadong pag-aayuno:**
1- Kusang loob
2- Kinamumuhian
3- Ipinagbabawal

## MGA SALIGAN NG PAG-AAYUNO:

1- Ang **Niyyah** (layunin).
2- Ang pagpipigil sa mga nakapagpapawalang-bisa sa pag-aayuno magmula sa madaling araw hanggang sa paglubog ng araw.

## MGA KUNDISYON NG PAGKA-UBLIGADO NG PAG-AAYUNO:

1- Isang Muslim.
2- Pagsapit ng hustong gulang.
3- Ganap na kaisipan.
4- Nakadestino (hindi naglalakbay).
5- Malaya sa mga nakapagpipigil sa pag-aayuno: Ito ay partikular lamang sa mga kababaihan, tulad ng pagreregla o panganganak.

**MGA KUNDISYON NG PAGTANGGAP SA PAG-AAYUNO:**

1- Ang pagiging Muslim.
2- Ang pagtatakda ng layunin sa gabi.
3- Ang pagiging ganap ng kaisipan.
4- Ang takdang gulang ng pagpapasiya.
5- Ang pagtigil ng dugo ng regla.
6- Ang pagtigil ng dugo ng bagong panganak.

**MGA MABUBUTING GAWAIN SA PAG-AAYUNO:**

1- Ang maagang pag-aalmusal sa sandaling lumubog na ang araw.

Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): (لَا يَزَالُ النَّاسُ بِخَيْرٍ مَا عَجَّلُوا الْفِطْرَ)

[Mananatili ang mga tao sa kabutihan hangga't inaagahan nila ang pag-aalmusal (sa pag-aayuno)].

2- Ang pagkain ng Rutab o Tamr (mga uri ng bunga ng palmera) o kaya tubig.

عَنْ أَنَسٍ رَضِيَ اللهُ عَنْهُ، «أَنَّ النَّبِيَّ صَلَّى اللَّهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ كَانَ يُفْطِرُ عَلَى رُطَبَاتٍ، فَإِنْ لَمْ يَجِدْ فَتَمَرَاتٍ، فَإِنْ لَمْ يَجِدْ حَسَا حَسَوَاتٍ مِنْ مَاءٍ». رَوَاهُ أَحْمَدُ وَأَبُوْ دَاوُدُ وَالتِّرْمِذِيُّ

Si Anas (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: "Katotohanang nakaugalian ng Propeta (ﷺ) ang mag-almusal ng mga Rutab, at kung walang matagpuan na Rutab ay Tamr, at kung walang matagpuan na Tamr ay ilang taga ng baso ng tubig". Isinalaysay ni Ahmad, Abu Daud at At-Tirmidhi

3- Ang manalangin sa oras ng pag-almusal sa Iftar (sa paglubog ng araw).
4- Ang magpahuli sa pagkain ng Sahur (sa madaling araw).
5- Ang magparami ng mga mabubuting gawain at kusang-loob.
6- Ang pagbabasa ng Quran, at pagsasagawa ng Umrah.
7- Ang pagsasagawa ng Salah sa Taraweeh.
9- Ang pamamalagi sa Masjib para sa I`tikaf.
10- Ang magparami ng kawanggawa at mga gawang matuwid.

**MGA KINASUSUKLAMAN SA PAG-AAYUNO:**

1- Pagmamalabis sa pagmumog at pagsingot ng tubig.
2- Mga pumupukaw ng kalibugan.

**MGA KADAHILANAN NA IPINAHIHINTULOT ANG PAGTIGIL SA PAG-AAYUNO:**

1- Paglalakbay.
2- May karamdaman.
3- Pagkatakot sa ikapapahamak ng isang tao alang-alang sa kaligtasan nito.
4- Pagbubuntis at pagpapasuso.

**MGA BAGAY NA NAGPAPAWALANG-BISA SA PAG-AAYUNO:**

1- Pagkain, pag-inom at mga katulad nito.
2- Pakikipagtalik.
3- Pagsusukang sinasadya.
4- Sinasadyang paglabas ng punlay sanhi ng pagnanasa.
5- Pagreregla at panganganak.
6- Pagpapalabas ng maraming dugo mula sa katawan.

**NAGKAKAROON NG BISA ANG MGA NABANGGIT SA ITAAS BATAY SA MGA SUMUSUNOD:**

1- Pagkaroon ng kaalaman, di katulad ng isang walang alam sa alituntunin o oras nito.
2- Sinadya, di katulad ng isang nakalimot.
3- May sariling pagpapasiya, di katulad ng isang napilitan.

**PAGBABAYAD SA NASIRANG PAG-AAYUNO:**

Nararapat sa taong isinatungkulin sa kanya ang pag-aayuno na palitan niya o bayaran ang bawat araw na kanyang nasira sa buwan ng Ramadan, maliban sa pakikipagtalik na kadahilanan dahil nararapat sa kanya ang mga sumusunod - :
1- Magpalaya ng isang alipin, at kung walang matagpuan.
2- Mag-ayuno ng dalawang buwan na sunod-sunod, at kung hindi niya makayanan.
3- Magpakain ng animnapung maralita.

**MGA KUSANG LOOB NA PAG-AAYUNO:**

1- Isang araw mag-ayuno at tumigil sa isang araw (gaya ng pag-aayuno ni Propeta Daud).
2- Araw ng Lunes at Huwebes.
3- Tatlong araw sa bawat buwan.
4- Anim na araw sa buwan ng Shawwal.
5- Araw ng Arafah [Ika-siyam sa araw ng Dul-Hijjah (sa mga hindi nagsasagawa ng Hajj)].
6- Araw ng `Ashurah (Ikasampung araw sa buwan ng Muharram at isang araw sa unahan o sa hulihan nito).
7- Karamihan sa mga araw ng buwan ng Muharram.
8- Karamihan sa mga araw ng buwan ng Sha`ban.
9- Unang sampung araw sa buwan ng Dul-Hijjah (ang unang siyam na araw).
Ang Tama: Tunay na ang Propeta (ﷺ) ay nag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan, subali't hindi niya pinahahalagahan kung ito ba ay nasa unang araw ng buwan o nasa hulihan nito.

PUNA: Ang hindi napatunayan ng tumpak na patunay ay walang kalamangan sa pagtatanto ng pag-aayuno nito.

## MGA ARAW NA KINAMUMUHIAN ANG PAG-AAYUNO RITO:

1- Araw ng Arafah sa nagsasagawa ng Hajj.
2- Pantatanto ng pag-aayuno sa araw ng Biyernes.
3- Ang tuluy-tuloy na pag-aayuno (sa loob ng dalawang araw o kaya tatlong araw).
4- Araw na pinagdududahan (ang huling araw ng buwan ng Sha`ban).
5- Ang araw-araw na pag-aayuno.
6- Ang pag-aayuno ng babae na walang pahintulot ang kanyang asawa.

## MGA ARAW NA IPINAGBABAWAL ANG PAG-AAYUNO RITO:

1- Pag-aayuno sa dalawang araw ng Eid.
2- Araw ng pagreregla at panganganak.
3- Natatakot na mapahamak.
4- Mga araw ng Tashreeq (ang ika-11-12-13 sa buwan ng Dul-Hijjah), maliban sa kanya na walang Hady, sapagka't ipinapahintulot sa kanya na pag-aayunuhan ang mga araw na ito.

# AL-I` TIKAF
## (Pananatili sa Masjid)

**ANG KAHULUGAN NG I`TIKAF:**

1- Pangwikang kahulugan: Pananatili, tuloy-tuloy, pagtigil at pagkukulong.

2- Pang-islamikong kahulugan: Pananatili sa Masjid ng may layuning pagpapalapit sa Allah.

**ANG NARARAPAT SA I`TIKAF:**

1- Binubuo nito sa ating puso ang di-pagkahumaling sa makamundong bagay, bagkus pinupuno ito sa pagsamba at pag-alaala sa Allah.

2- Pagsuko ng sarili sa Allah at pagnanais sa habag at pabor ng Allah.

**MGA URI NG I`TIKAF:**

1- Ubligado: Ang ipinangakong I`tikaf, gaya ng pagsasabi: Kung magtatagumpay ako sa aking ginagawa, ako ay magsasagawa ng I`tikaf ng tatlong araw, at iba pang katulad nito.

2- Ipinapahintulot: Ang pagsasagawa nito sa huling sampung araw ng buwan ng Ramadan.

**MGA HALIGI NG I`TIKAF:**

1- Ang nagsasagawa nito.

2- Ang pananatili sa Masjid.

Si Ali (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nagsabi: “Walang I`tikaf maliban sa Masjid na pinagsasagawaan ng Salah nang sama-sama”.

3- Ang lugar na pinagsasagawaan ng I`tikaf.

**MGA KUNDISYON NG I`TIKAF:**

1- Isang Muslim.

2- May matinong pag-iisip.

3- Kailangang isagawa ito sa Masjid na pinagsasagawaan ng sama-samang pagdarasal.

4- Kailangang manatili sa kalinisan mula sa pagtatalik, paglabas ng punlay, pagreregla at panganganak.

**MGA BAGAY NA NAKAKASIRA NG I`TIKAF:**

1- Pagtatalik kahit walang lumabas na punlay.

2- Mga bagay na paroroon sa pagtatalik.

3- Pagkawala ng ulirat sa pamamagitan ng pagkahilo.

4- Pagtalikod sa pananampalataya.

5- Paglabas ng Masjid ng walang kanais-nais na kadahilanan.

**MGA KADAHILANAN NA PINAHIHINTULUTANG LUMABAS NG MASJID:**

*** Islamikong dahilan:**

1. Paglabas upang magsagawa ng Salah sa Jumu`ah.
2. Paglabas upang magsagawa ng Salah sa Eid.

*** Likas na dahilan:**

1. Pagkain at pag-inom, kung walang nagdadala sa kanya ng pagkain.
2. Paglabas upang gumamit ng palikuran.
3. Paglabas upang maligo, dahilan sa paglabas ng punlay habang natutulog.

**Puna:** Maaaring lumabas ang isang tao para sa kanais-nais na pagkakataon upang matupad ang mga nabanggit na pangangailangan.

*** Pangangailangan na dahilan:**

1. Pagkatakot ng isang tao sa kanyang kayamanan sa pagkawala nito.
2. Pagkatakot sa sarili dahil sa matagal na pananatili.

# LAYLATUL-QAD'R
## (Gabi ng Pagpapasiya)

- Laylatul Qadr ang pinakabanal na gabi sa loob ng isang taon, at ito ay nasa buwan ng Ramadan.
- Ang Allah ay nagsabi sa banal na Quran na ang Laylatul Qadr ay nakahihigit kaysa sa isang libong buwan.
- Ang kainaman ng pagtaguyod sa Laylatul Qadr ay nasa mga huling sampung gabi ng Ramadan.
- Puspusan ang pagdarasal ng Propeta (ﷺ) sa mga huling sampung gabi ng Ramadan, ginigising niya ang kanyang mga asawa at nananatiling malayo sa kanila upang mag-alay ng pagsamba sa Allah.
- Anong araw ito?

Ito ay isa sa mga huling gabi ng Ramadan, at inaabangan ito sa mga gansal na gabi.

- Pag-aalay ng pagsamba at panalangin sa Laylatul Qadr.

عَنْ أَبِيْ هُرَيْرَةَ، قَالَ: «قَالَ رَسُوْلُ اللهِ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: (مَنْ قَامَ لَيْلَةَ الْقَدْرِ إِيْمَاناً وَاحْتِسَاباً غُفِرَ مَا تَقَدَّمَ مِنْ ذَنْبِهِ) ». رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ

Si Abu Hurairah ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang sinumang itinaguyod ang gabi ng Laylatul Qadr ng may pananampalataya at paghahangad na pagpalain ay patatawarin ang kanyang mga naunang kasalanan". Isinalaysay ni Al-Bukhari

قَالَتْ عَائِشَةُ رَضِيَ اللهُ عَنْهَا: «سَأَلْتُ رَسُوْلَ اللهِ صَلَّى اللهُ عَلَيْهِ وَسَلَّمَ: يَا رَسُوْلَ اللهِ أَرَأَيْتَ إِنْ عَلِمْتُ أَيُّ لَيْلَةٍ لَيْلَةُ الْقَدْرِ مَا أَقُوْلُ فِيْهَا؟ قَالَ: (قُوْلِيْ: اَللَّهُمَّ إِنَّكَ عُفُوٌّ كَرِيْمٌ تُحِبُّ الْعَفْوَ فَاعْفُ عَنِّيْ)». رَوَاهُ التِّرْمِذِيُّ

Si Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nagsabi: "Tinanong ko ang Sugo ng Allah (ﷺ): O Sugo ng Allah! Ano kaya kung alam ko, kung aling gabi ang Laylatul Qadr. Ano ang sasabihin ko? Siya ay nagsabi: [Sabihin mo: O Allah! Katotohanang Ikaw ay Mapagpatawad, Mapagbigay. Iyong naiibigan ang pagpapatawad, kaya patawarin Mo po ako]". Isinalaysay ni At-Tirmidhi

# KABANATA NG UMRAH
## (Paglalakbay sa Makkah upang isagawa ang Umrah)

**ANG KAHULUGAN NG UMRAH:**
Pang-wikang kahulugan: Pagdalaw.
Pang-islamikong kahulugan: Pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng pag-ikot sa palibot ng Ka`bah, paglalakad sa Safa at Marwah at pag-ahit o pagpapa-igsi ng buhok.

**ANG HATOL SA UMRAH:** Ito ay isang tungkulin minsan lamang sa tanang buhay.

**KAILAN ISINASATUNGKULIN ITO?**
Sagot: Ito ay isinasatungkulin kaagad, batay sa isang Hadith na naiulat ni Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) nang siya ay magtanong sa Propeta (ﷺ): (Mayroon bang Jihad ang mga kababaihan?. Siya (ang Propeta) ay nagsabi: "Oo! Mayroon silang Jihad, datapuwa't wala nga lang pakikipaglaban. Ito ay ang Hajj at Umrah").

**ANG MGA KUNDISYON NG UMRAH:**
1- Ang pagiging Muslim.
2- Pagiging malaya (Matatanggap din ito para sa isang alipin, ngunit hindi ubligado sa kanya).
3- Kawastuhan ng pag-iisip.
4- Kawastuhan ng gulang (Matatanggap din ito para sa isang bata, ngunit hindi ubligado sa kanya).
5- May kakayahan [sa pangangatawan, kayamanan (ng higit sa kanyang pangangailangan)].
6- Pagkakaroon ng Mahram para sa isang babae (ang Mahram ng babae ay ang kanyang asawa, o ang sinumang lalaki na hindi maaaring maging asawa niya).

**ANG MGA SALIGAN NG UMRAH:**
1- Ihram, o ang pagpasok sa kalagayan ng Hajj.
2- Tawwaf, o ang pag-ikot sa palibot ng Ka`bah.
3- Sa`i, o ang paglalakad sa pagitan ng Marwah at Safa.

Ang sinumang nakapag-iwan ng isang saligan, sa gayon ang kanyang Hajj o Umrah ay hindi magiging ganap hanggang hindi niya naisasagawa ito. Maliban sa Ihram (ang layunin sa pagpasok sa kalagayan ng Umrah), sapagkat ang sinumang nakapag-iwan nito. Sa katunayan wala talaga siyang naisagawa na Umrah.

**ANG MGA UBLIGADO O KANAIS-NAIS SA UMRAH:**
1- Ang pagsuot ng Ihram sa Miqat.
2- Ang pag-ahit o pagpapaigsi ng buhok.

## ANG MGA MIQAT:

Ang Miqat ay yaong tinakdaan ng panahon o lugar para sa Ibaadah (pagsamba).
Ito ay may dalawang uri:
**Una**: Sa panahon (ito'y para lamang sa Hajj), at ang tinutukoy dito'y ang mga buwan ng Hajj (ang Shawwal – Dhul Qaidah – Dhul Hijjah).
**Pangalawa**: Sa lugar (ito ay para sa Hajj at Umrah), at ito ay lima:
1- Dhul Hulayfah (Abyar Ali) para sa mga taga-Madinah.
2- Al-Juhfah (malapit sa Rabigh) para sa mga taga-Syria, Egypt at Morocco.
3- Yalamlam (Tinatawag sa ngayon na As-Sa`diyah) para sa mga taga-Yemen.
4- Qar Al-Manazil (Tinatawag sa ngayon na As-Sail Al-Kabir) para sa mga taga-gitnang silangan.
5- Dhat `Irq para sa mga taga-Iraq.
Ang sinumang dumaan sa mga Miqat na ito – maliban sa mga nakatira rito – na may layuning isagawa ang Hajj o ang Umrah ay kailangan niyang magsuot ng Ihram dito (Tunghayan sa aklat na Bulugh Al-Maram, Hadith bilang 590 – 591), samantalang ang mga nasa loob nito, siya ay magtatakda ng kanyang layunin sa lugar na kung saan siya naroroon.

## AL-IHRAM:

Ang kahulugan nito: Ito ay ang pagtatakda ng layunin sa pagpasok sa kalagayan ng Umrah.

## ANG MGA ISINASATUNGKULIN SA SANDALING PUMASOK SA KALAGAYAN NG IHRAM:

1- Pagligo.
2- Paglilinis: Ito ay ang pag-aahit sa buhok o balahibo na kailangang ahitin upang hindi na kakailanganin pa ito habang nasa kalagayan ng Ihram: (Katulad ng nasa maselang bahagi ng katawan, kili-kili, bigote at ng mga kuko).
3- Pagpapabango (Sa katawan at hindi sa kasuutan).
4- Pag-iwas sa mga kasuutang tinahi ayon sa hubog ng katawan (ng hindi nakalabas ang Awrah), ito ay partikular lamang sa mga kalalakihan.

## ANG MGA KUNDISYON NG NIYYAH (LAYUNIN):

Inaakala ng karamihan sa mga tao na ang Ihram ay ang pagsusuot ng kasuutang Ihram, datapuwat ito ay isang pagkakamali, sapagkat ang Ihram ay ang pagtatakda ng layunin sa Umrah.

## MGA BAGAY NA IPINAGBABAWAL HABANG NASA KALAGAYAN NG IHRAM:

Pangkalahatang Ipinagbabawal (para sa mga kalalakihan at kababaihan).
1- Pag-aahit sa buhok ng ulo, gayundin sa iba pang parte ng katawan.
2- Pagpuputol ng kuko o pagkuha ng anumang nasa balat.
3- Paggamit ng pabango.
4- Pagkokontrata ng kasal, gayundin ang pamamanhikan.
5- Pagyakap nang may pagnanasa (Kung may lumabas na semelya: Tungkulin niyang mag-alay ng kamelyo, datapuwat kung walang lumabas na semelya, tungkulin niyang magbigay bayad sala (Pag-aayuno ng tatlong araw o pagpapakain ng anim na mahihirap o magkatay ng tupa).
6- Pakikipagtalik sa asawa (Mabigat na bayad sala – pagkatay ng isang kamelyo atbp.).
7- Pangangaso (Katumbas ang bayad sala).

## MGA IPINAGBABAWAL SA MGA KALALAKIHAN LAMANG:

1- Pagtatakip sa ulo.
2- Pagsusuot ng may tahi (lahat ng kasuutang tinahi sa sukat ng isang parte ng katawan o ng buong katawan).

## MGA IPINAGBABAWAL SA MGA KABABAIHAN LAMANG:

1- Pagsusuot ng guwantes.
2- Pagsuot ng Niqab (takip sa mukha).

## MGA PUNA:

1. Maaaring magsuot ng kasuutang Ihram bago ang pagsapit sa Miqat, subalit ang layunin sa pagpasok sa kalagayan ng Ihram ay kinakailangan sa Miqat.
2. Maaaring magpalit ng kasuutang Ihram at gayundin ang paglaba rito.
3. Maaaring pumasok sa kalagayan ng Ihram na kahit hindi nasa ganap na kalinisan, subalit mas mainam na nasa ganap ng kalinisan (nasa Wudu o Ghusl).

Isinalin sa Tagalog ni: Mohammad Taha Ali
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
الطبعة الثالثة – مزيدة ومنقحة ١٤٣٧/١٢/١٩هـ